31 Hulyo 2025

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 377, s. 2025

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025**

PARA SA: Pangalawang Pansangay na mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe-Curriculum Implementation Division (CID)
Hepe-School Governance and Operations Division (SGOD)
Mga Pansangay at Pampurok na Tagamasid
Mga Punong-guro sa Elemntarya at Sekondarya

1. Alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s.1997 at sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), ang Sangay ng Batangas ay nakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Pambansa 2025 na may temang **"PAGLINANG SA FILIPINO AT KATUTUBONG WIKA: MAKASAYSAYAN SA PAGKAKAISA NG BANSA".**

2. Layunin ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika ang mga sumusunod:

a. ganap na maipatuad ang Pampanguluhang Proklamsyong Blg. 1041;
b. maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
c. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawaing kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

3. Kaugnay ng pagdiriwang, ang sumusunod ang Lingguhang Tema para sa Buwan ng Agosto 2025:

| Linggo | Petsa | Paksa |
|---|---|---|
| 1 | Agosto 1-7 | *Wikang Pangkasarian* |
| 2 | Agosto 8-14 | *Gampanin ng Filipino Sign Language (FSL) sa Pagbabago ng Klima* |
| 3 | Agosto 15-21 | *Pagtataguyod ng Literasi sa Wikang Filipino: Hakbang Tungo sa Maunlad na Buhay* |
| 4 | Agosto 22-28 | *Wika ng Kasaysayan, Kasaysayan ng Wika: Pagkakaisa sa Pagkakaiba* |
| 5 | Agosto 29-31 | *Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag* |

4. Hinihikayat na makibahagi sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2025 ang lahat ng tanggapan at paaralan sa Sangay ng Batangas, sa pamamagitan ng paggamit ng Wikang Filipino sa mga pagpupulong, programa at iba pang opisyal na gawain sa buong buwan ng Agosto. Iminumungkahi rin ang pakikinig ng awiting bayan at pagsasagawa ng mga gawaing pangwika at pangkultura tulad ng talakayang pampanitikan, paligsahan sa pagsulat at pagbigkas, at iba pang kaugnay na pagpapalalim ng pagpapahalaga sa wika at kultura.

5. Inaasahang ang bawat paaralan ay magkakaroon ng gawaing naaayon sa kanilang preperensya at lokal na konteksto. ***Hindi pinahihintulutan*** ang magarbong paggastos, paniningil sa mga mag-aaral, o pag-aabono ng mga guro para sa mga gawain na may kaugnayan sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2025.

6. Ang lahat ng tanggapan at paaralan sa Sangay ng Batangas ay hinihikayat na iulat at idokumento ang mga gawain, at ibahagi ito sa opisyal *platform* ng paaralan gamit ang *hashtags*: #BuwanNgWika2025 #FilipinosaCalabarzon #Inklusibo #Determinado #Positibo.

7. Maaaring i-download ang opisyal naposter mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa link na ito: https://tinyurl.com/BW2025CALABARZON .

8. Kalakip nito ang Panrehiyunal na Memorandum Blg. 566, s.2025, Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2025.

9. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**MARITES A. IBAÑEZ, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Enclo.: As stated
Reference: Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s.1997 at Memorandum Blg. 566, s.2025
To be indicated in the Perpetual Index under the following subjects:

Issuance – Memorandum Pansangay

LVI/PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025/R2-145263/07/31/2025

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. IV-A
RELEASED
0001630
GRACE Date: 7-29-2025

CLMD-RM-2025-566

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON IV-A CALABARZON

28 Hulyo 2025

**Panrehiyunal na Memorandum**
*Blg. 566 s.2025*

# PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025

Sa **Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay**

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON, sa pamamagitan ng Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto, ay nakikiisa sa taunang pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa 2025** na may temang **"PAGLINANG SA FILIPINO AT KATUTUBONG WIKA: MAKASAYSAYAN SA PAGKAKAISA NG BANSA",** alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang. 1041 s. 1997 at sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Layunin ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika ang sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mámamayáng Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pampribado na makiisá sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mámamayáng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mga mámamayáng Pilipino ang KWF bílang ahensiya ng pámahalaán na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nitó.

3. Samantala, narito ang sumusunod na Lingguhang Tema para sa buong buwan ng Agosto 2025:

| Linggo | Petsa | Paksa |
|---|---|---|
| 1 | Agosto 1–7 | *Wikang Pangkasarian* |
| 2 | Agosto 8–14 | *Gampanin ng Filipino Sign Language (FSL) sa Pagbabago ng Klima* |
| 3 | Agosto 15–21 | *Pagtataguyod ng Literasi sa Wikang Filipino: Hakbang Tungo sa Maunlad na Buhay* |
| 4 | Agosto 22–28 | *Wika ng Kasaysayan, Kasaysayan ng Wika: Pagkakaisa sa Pagkakaiba* |
| 5 | Agosto 29–31 | *Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag* |

**Address:** Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal
**Telephone No.:** 02-8682-2114
**Email Address:** region4a@deped.gov.ph
**Website:** depedcalabarzon.ph

BAGONG PILIPINAS
Certificate No. PHP QMS 22 93 0085

4. Hinihikayat na ang lahat ng Tanggapan at Paaralan ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon CALABARZON ay makibahagi sa pagdiriwang sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino sa mga ugnayang pulong, programa, at iba pang opisyal na gawain sa buong buwan ng Agosto. Kabilang din sa mga mungkahing aktibidad ang pagpapakinig ng mga awiting bayan at pagsasagawa ng mga gawaing pangwika at pangkultura gaya ng talakayang pampanitikan, paligsahan sa pagsulat at pagbigkas, at iba pang kaugnay na aktibidad na nagpapalalim ng pagpapahalaga sa ating wika at kultura.

5. Inaasahan din na ang bawat sangay ay magkakaroon ng gawaing naaayon lamang sa kanilang preperensya at lokal na konteksto. Hindi pinahihintulutan ang magarbong paggastos, paniningil sa mga mag-aaral, o pag-aabono ng mga guro para sa mga aktibidad na may kaugnayan sa selebrasyon.

6. Hinihikayat din ang lahat ng tanggapan at paaralan na iulat at idokumento ang kanilang mga gawain at ibahagi ito sa opisyal na platform ng kanilang paaralan o dibisyon gamit ang *hashtags*: #BuwanNgWika2025 #FilipinoSaCalabarzon

7. Ang opisyal na poster ng pagdiriwang mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay maaaring i-download sa link na ito: https://tinyurl.com/BW2025CALABARZON

8. Pára sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto sa telepono blg. (02) 8681-7249 lokal 420.

9. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ATTY. ALBERTO T. ESCOBARTE, CESO II**
Panrehiyong Direktor

*02/ROC2*